

Isinasaalang-alang ng public charge kung pangunahing aasa sa gobyerno ang taong nag-a-apply para sa green card para sa suporta sa hinaharap. Sinusuri ng mga opisyal sa imigrasyon ang lahat ng kalagayan ng isang tao at maaari nilang isaalang-alang kung pangunahing umasa ang tao sa dalawang partikular na uri ng mga benepisyo sa nakaraan. Kung napagpasiyahan ng mga opisyal sa imigrasyon na malamang na aasa ang tao sa gobyerno para sa pantawid-buhay sa hinaharap, maaari nilang itanggi sa tao ang pahintulot na pumunta sa U.S. o tanggihan ang kanilang aplikasyon para sa green card.

## 1

### KANINO NALALAPAT ANG PUBLIC CHARGE?

Hindi nalalapat sa lahat ang public charge. Maaaring napapailalim sa pagsusuring ito ang mga taong humihiling ng green card sa pamamagitan ng kaanak o hinihiling na makapasok sa US mula sa ibang bansa. Hindi saklaw ang maraming tao (tingnan ang listahan sa ibaba).

Walang pagsusuri para sa pagiging public charge para sa mga sumusunod na kategorya ng mga imigrante:

- Mga Asylee
- Mga Refugee
- Mga aplikante at may-hawak ng U o T na visa (pangangalakal ng tao o mga biktima ng mga krimen)
- Nagpetisyon sa sarili sa VAWA
- Mga taong humihiling o binigyan ng Espesyal na Katayuan para sa Mga Kabataang Imigrante (Special Immigrant Juvenile Status, SIJS)

Walang pagsusuri para sa pagiging public charge kapag nag-a-apply ang imigrante para sa mga sumusunod:

- Pagkamamamayan sa U.S.
- Pag-renew ng green card
- Asylum, DACA, TPS, o DED (mga inisyal na aplikasyon at pag-renew)


### ALING MGA BENEPISYO ANG ISINASAALANG-ALANG?

## 2

Maaari lamang isaalang-alang ng mga opisyal sa imigrasyon ang mga benepisyong natanggap ng aplikante para sa green card. Hindi nila maaaring isaalang-alang ang mga benepisyong ginamit ng ibang kaanak o miyembro ng sambayanan, kahit na nasa aplikasyon ng kaanak ng aplikante ang pangalan niya, maliban kung ang mga benepisyong natanggap ang tanging pinagmumulan ng kita ng pamilya. Ang karamihan ng mga tao na nag-a-apply para sa mga green card na nakabase sa pamilya ay hindi kwalipikado para sa mga programa para sa mga benepisyo na ito. Maaari lamang isaalang-alang ng mga opisyal sa imigrasyon ang dalawang uri ng mga benepisyo:

1. Buwanang cash na tulong na naglalayong suportahan ang isang tao. Kasama rito ang Pandagdag na Panseguridad na Kita (Supplemental Security Income, SSI), Pansamantalang Tulong para sa Mga Nangangailangang Pamilya (Temporary Assistance for Needy Families, TANF), at mga programa sa cash na tulong na nakabase sa estado.
2. Pangmatagalang institusyonal na pangangalaga na ang gobyerno ang nagbabayad.

\* Bisitahin ang <https://www.federalregister.gov/d/2019-17142/p-2859> o i-scan ang



## HINDI ISASAALANG-ALANG NG MGA OPISYAL SA IMIGRASYON ANG:



Medicaid, Pang-emergency na Medicaid, ang Programa sa Insurance sa Kalusugan ng Mga Bata (Children's Health Insurance Program), mga programa sa pangangalagang pangkalusugan na nakabase sa estado at lokal na pamahalaan (maliban sa pangmatagalang pangangalaga), at insurance at mga subsidiya sa pamamagitan ng Healthcare.gov at iba pang exchange ng pangangalagang pangkalusugan



Mga programa sa nutrisyon, tulad ng Programa sa Pandagdag na Tulong sa Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP), Espesyal na Programa sa Pandagdag sa Nutrisyon para sa Mga Babae, Sanggol, at Bata (Women, Infants, and Children, WIC), mga programa sa tanghalian sa paaralan, at mga bangko ng pagkain



Mga may subsidiyang programa sa pabahay, tulad ng Seksiyon 8 at Pampublikong Pabahay



Mga bakuna sa, pagsusuri sa, at paggamot ng COVID, at mga suportang nauugnay sa COVID, tulad ng Elektronikong Paglipat ng Mga Benepisyo para sa Pandemya (Pandemic Electronic Benefits Transfer, P-EBT), mga stimulus na pagbabayad, mga kredito sa buwis para sa bata, at pang-emergency na tulong sa pag-upa



Iba pang programa sa hindi cash na tulong na nakabase sa estado



Mga cash na benepisyo batay sa trabaho o mga kinikita, kasama ang Social Security, pagretiro, mga pensiyon, mga benepisyo ng beterano.

# 3

## ANO ANG KABUUAN NG MGA PANGYAYARI?

Dapat isaalang-alang ng mga opisyal sa imigrasyon ang **affidavit ng suporta** – isang kontrata na nilalagdaan ng sponsor (na karaniwang miyembro ng pamilya) para tanggapin ang responsibilidad sa pananalapi para sa taong permanenteng lilipat sa U.S. Kahit na ginamit ng sinuman ang mga programa sa itaas, titingnan ng mga opisyal sa imigrasyon ang buong sitwasyon ng indibidwal kapag napagpasiyahan nila na malamang na magiging public charge ang tao sa hinaharap. **Maaaring malamangan ng mga positibong salik ang dating paggamit ng mga pampublikong benepisyo.** Isinasaalang-alang din sa pagsusuri para sa pagiging public charge ang:

- Kita
- Pagtatrabaho
- Edukasyon
- Kalusugan
- Katayuan ng Pamilya
- Affidavit ng suporta

Lubos naming inirerekomenda na humingi ang mga imigrante ng legal na payo kung mayroon silang mga alalahanin sa pagiging public charge o katayuan sa imigrasyon; sa karamihan ng mga sitwasyon, hindi negatibong makakaapekto ang paggamit ng mga pampublikong benepisyo sa legal na katayuan ng imigrante. Available ang na-update na impormasyon at mga mapagkukunan sa mas marami pang wika sa [pifcoalition.org](http://pifcoalition.org).